

## One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

### **ALAM N'YO BA ANG PAGKAKAIBA NG MAGNITUDE AT SHINDO?**

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～知っていますか?マグニチュードと震度の違い～

Ang shindo ay ang tinatawag na seismic intensity. Ito ang lakas ng yanig na nararamdaman natin kapag may lindol. Nasusukat ang yanig na ito sa iba't-ibang lugar ng bansa. Dito sa Japan ay may 10 antas ng shindo (0- walang mararamdamang pag-uga, 1, 2, 3, 4, mahinang 5, malakas na 5, mahinang 6, malakas na 6 at 7).

May 12 antas naman ang karaniwang ginagamit sa pang-internasyonal o pandaigdigan.

Samantala, ang magnitude naman ay ang kabuuang sukat ng lakas na dulot ng lindol. Walang malaking salanta ang magaganap kahit pa sabihing malakas ang magnitude. Posible rin na magaganap ang lindol sa malalim na parte na malapit sa crust ng mundo.

Ang lindol na may magnitude 1 pababa ay ang micro earthquake. Ang may magnitude na 1-3 ay ang maliit na sukat, 5-7 katamtamang sukat, ang 7 pataas ay ang malaking sukat. Kung ang sukat sa magnitude ay tumaas ng isa, ang intensidad ay magiging 32 times 32 o mahigit pa sa 1000 beses. Halimbawa, ang lindol na may magnitude na 8 ay may 1000 beses na lakas kumpara sa magnitude 6.

Ang magnitude at shindo ay parehong ginagamit sa pagsusukat ng lakas ng lindol. Ang magnitude ay sinusukat ang energy mula sa lindol, samantala ang shindo naman ay sinusukat ang yanig na resulta sa niyanig na lugar.

Kung ihahalintulad natin ang situwasyon sa isangmesa at ilawan, ang liwanag ng ilawan ay kahalintulad ng magnitude. Depende sa kinatatayuan ng mesa sa loob ng kwarto, maaaring nasa sentro ito ng ilawan o malayo dito. Kung ang mesa ay malayo sa ilawan ay mahina ang liwanag na makukuha nito kumpara sa mesa na nakatapat mismo sa ilawan. Ang kabuuang liwanag na pwedeng abutin ng ilaw ay kahalintulad naman ng shindo.

Kung ang lindol ay may malakas na magnitude subalit malayo kayo dito ay walang gaanong pinsala ang magaganap. Samantala, kahit na maliit ang magnitude subalit malapit naman kayo sa lugar na niyayanig ay malaki ang maaaring maging pinsala nito sa inyo.

